

## **PATAKARAN NG KASUNDUAN SA GUMAGAMIT NG IMS**

### **Minamahal na Mga Magulang/Caregiver at Mga Tagapag-alaga ng Mga Mag-aaral sa PK-8 na Baitang,**

Mayroong maraming mahahalagang pagbabago para sa taong 2020-2021 na pasukan na ipinarating sa iyo ng iyong paaralan sa nakaraang mga buwan, at mga pagbabago na patuloy na ipapaalam sa inyo ng mga paaralan. Ang isa sa pinakapansin-pansing pagbabago ay may kinalaman sa ating paggamit ng teknolohiya para sa aming mga tauhan at mag-aaral. Para sa simula ng taon ng pasukan, ang pag-aaral ay magiging *online*, nangangahulugang gagamitin ng mga mag-aaral ang pag-access sa internet upang makilahok sa mga klase sa paaralan at kumpletuhin ang mga takdang-aralin sa paaralan. Ang pag-aaral sa online na ito ay gagamit ng maraming iba't ibang mga online application, programa, at kasangkapan. Ang mga application, programa, at kasangkapan na ito ay magpapahintulot sa guro ng iyong anak na magbigay ng iba't ibang mga natatanging pagkakataon sa pag-aaral sa bahay at sa muling pagbabalik sa paaralan.

### **Seksyon 1: Mga Responsibilidad ng Mag-aaral**

Dapat sundin ng mga mag-aaral ang mga patakaran ng paaralan para sa naaangkop na paggamit kapag gumagamit ng mga serbisyong nakabatay sa Internet. Dapat sundin ng mga mag-aaral ang Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit (Acceptable Use Policy) na nakabalangkas sa kanilang handbook ng paaralan at nilagdaan habang nasa proseso ng pagpapatala ng TADS. Kung hindi ka sigurado kung napirmahan mo ito - mangyaring makipag-ugnay sa pinuno ng iyong paaralan o sa iyong tanggapan sa pagpapatala. Dapat palagi at ginagamit lamang ng mga mag-aaral ang kanilang email address sa paaralan para sa lahat ng mga bagay na nauugnay sa paaralan at dapat palagi at ginagamit lamang ang kanilang computer mula sa paaralan para sa mga takdang-aralin ng paaralan. Ang mga mag-aaral ay responsable para sa kanilang sariling pag-uugali sa lahat ng oras at inaasahang dadalo at lalahok sa kanilang mga klase. Bilang karagdagan, inaasahan na susundin ng mga mag-aaral ang anumang tagubilin sa online na naipaabot sa kanila mula sa kanilang mga guro o pamunuan ng kanilang paaralan.

### **Seksyon 2: Impormasyon para sa mga Magulang**

Naka-archive ang email ng mga mag-aaral at ang Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit (Acceptable User Policy) para sa mga mag-aaral ay buong ipatutupad. Susubaybayan ng kawani ng paaralan ang paggamit ng mga aplikasyon kapag ang mga mag-aaral ay nasa paaralan at sa pamamagitan ng mga online dashboard at iba pang mga tool o kasangkapan. Ibabahagi lamang ang impormasyon ng mag-aaral sa kanilang mga guro at pinuno ng paaralan, ngunit pangangasiwaan ng isang propesyonal sa Independence Mission Schools Central Office. Responsable ang mga magulang sa pagsubaybay sa paggamit ng mga aplikasyon ng kanilang anak kapag nag-a-access ng mga programa mula sa bahay at responsable para sa pagsunod sa anumang mga tagubilin na nauugnay sa paggamit ng mga mapagkukunang online para sa pag-aaral sa bahay. Ang mga mag-aaral ay responsable para sa kanilang sariling pag-uugali sa lahat ng oras. Dapat palagi at ginagamit lamang ng mga mag-aaral ang kanilang email address sa paaralan para sa lahat ng mga bagay na nauugnay sa paaralan.

Bilang karagdagan - ang mga guro mula sa paaralan ng iyong anak ay kailangang makipag-ugnay sa iyong anak gamit ang email, mga feature ng chat, mga message board, o video conference na tampok ng anumang tool sa pag-aaral. Naiintindihan na ang pormang ito ng pakikipag-usap ay mahalaga sa pag-aaral ng mag-aaral at pagpapatakbo ng pagtuturo.

### Seksyon 3: Mga Aparato (Devices) ng Mag-aaral at Mga Responsibilidad ng Aparato

Bibigyan ng iyong paaralan ang iyong anak ng isang aparato, sa karamihan ng mga kaso isang Chromebook, na libre. Gagamitin ang aparatong ito upang ma-access ang internet upang magamit ang mga application na nakabase sa online, programa, at tool para sa pag-aaral. Ang mga application, programa, at tool na ito ay magiging bahagi ng karanasan sa pag-aaral ng iyong mag-aaral at pamamahalaan ng mga guro ng iyong mag-aaral, mga pinuno ng paaralan, at ng Independence Mission School Central Office. Ganap na inaasahan namin na ang bawat aparato ay ginagamit nang may pag-iingat at maisasauli sa mabuting kalagayan, at inaasahan na laging gagamitin ng mga mag-aaral ang aparato at para lamang sa kanilang gawain sa paaralan at mga aktibidad na nauugnay sa paaralan.

Kung isasauli ang mga aparato na may anumang uri ng pinsala isang dagdag ng singil ang mairaragdag sa account ng iyong mag-aaral. Mangyaring suriin ang talahanaya, sa ibaba, para sa isang listahan ng mga uri ng pinsala at mga pagsingil na nauugnay sa pinsala:

Uri ng Pinsala	Halaga ng Singil
Ang aparato ay hindi gumagana	\$300
Ang aparato ay hindi nagcha-charge dahil sa sirang port	\$150
Ang aparato ay hindi nagcha-charge dahil sa sirang charger	\$50
Nawawala ang charger	\$50
Ang aparato ay may isang napaka madilim o basag na screen.	\$300
Ang aparato ay may pisikal na pinsala na hindi na maaayos	\$300
Ang aparato ay nabubuksan, ngunit ang trackpad ay hindi mag-scroll o mai-click.	\$150
Nakikitang pisikal/likido na pinsala	\$150
Ang aparato ay may nawawalang mga pindutan (keys) o may mga hindi gumaganang key	\$50
Ang aparato ay may konting basag	\$50
Ang aparato ay may malaking crack o tapyas sa case	\$150
Ang aparato ay ninakaw o nawawala o kung hindi man ay hindi naibalik	\$300
Ang aparato ay ninakaw o nawawala o kung hindi man ay hindi naibalik, nakapagbigay ka ng police report o ulat ng pulisya.	\$50

### Seksyon 4: Pagkilala sa Mga Komunikasyon mula sa mga Paaralan at ng Network

Ang mga pinuno ng paaralan ng iyong anak, guro, at iba pang empleyado ng paaralan, pati na rin ang Central Office ng Independence Mission Schools, ay makikipag-ugnay sa iyo tungkol sa mga pag-update sa mga patakaran. Kasama sa mga patakarang ito, ngunit hindi limitado sa: mga inaasahan sa pagdalo, mga inaasahan sa pag-aaral sa online, mga pamamaraan sa pagmamarka, mga pamamaraan sa silid-aralan, pag-iiskedyul ng paaralan, at mga aktibidad ng mag-aaral. Inaasahan na babasahin at mauunawaan ng bawat magulang/tagapag-alaga ang mga implikasyon ng bawat komunikasyon na ipinadala sa kanila. Inaasahan din na ang anumang katanungan ay ididirekta sa mga naaangkop na (mga) indibidwal na ipinahiwatig sa komunikasyon.



### Seksyon 5: Mga Tuntunin ng Serbisyo sa Online na mga Aparato sa Pag-aaral

Nasa ibaba ang isang listahan ng mga pinaka-karaniwang ginagamit na application at mga tool sa pag-aaral sa digital na inaalok namin sa klase ng iyong anak. Ang listahan na ito ay hindi kumpleto at ang paaralan ng iyong anak ay maaaring magdagdag ng mga aplikasyon, website, o iba pang mga tool sa pag-aaral sa digital, depende sa mga pangangailangan ng mga paaralan at mag-aaral.

Kung sakaling may bagong tool na naidagdag, gagawin ng kawani ng IMS ang lahat ng makatuwirang pagsisikap upang matiyak na sumusunod ito sa mga regulasyon ng pederal at estado sa pribasiya at proteksyon ng data ng mga mag-aaral. May karapatang kang mag-opt-out (hindi lumahok) sa anumang mga naturang tool sa anumang oras.

Ang mga tool na ito ay may Mga Tuntunin ng Serbisyo at Mga Patakaran sa Pribasiya na naglalahad ng kanilang pamamaraan sa pagtugon sa mga regulasyon ng pederal at estado. Para sa bawat isa sa mga pinaka-karaniwang ginagamit na application sa IMS, maaaring makita ang mga kasunduang ito dito:

[Clever](#)

[ClassDojo](#)

[FlipGrid](#)

[Happy Numbers](#)

[Google Classroom](#)

[Khan Academy](#)

[Great Minds](#)

[DreamBox](#)

[Zearn](#)

[Zoom](#)

[Showbie](#)

[NearPod](#)

[Formative](#)

[SeeSaw](#)